Mga Tinatanggap na Dokumentasyon
Mga Pamantayan sa Pagkilala ng Help America Vote Act

Natanggap ba ninyo ang paunawang ito sa inyong pakete ng balotang pangkoreo?

Kailangan Namin ng Impormasyon Mula Sa Inyo

Ayon sa aming mga rekord hindi kayo nagbigay ng impormasyon ng inyong identipikasyon sa inyong porma ng rehistrasyon ng botante na inire-require ng pederal na batas.

Pagkatapos markahan ang inyong nakalakip na balota, ibalik ito na may kasamang **kopya** ng inyong patunay ng identipikasyon sa inyong postage-paid na sobreng pagbabalikan. Ang inyong impormasyon ay mananatiling kumpidensyal.

Maaari kayong magbigay ng **kopya** ng isang dokumento na nagpapakita ng inyong kasalukuyan at balidong larawan ng identipikasyon o isang **kopya** ng isang dokumentong naglalaman ng inyong kasalukuyang pangalan at adres. Para sa isang kumpletong listahan ng mga tinatanggap na dokumentasyon pumunta sa sdvote.com.

Kung kayo ay sumagot ng oo, narito ang isang listahan ng mga tinatanggap na dokumentasyon:

Maaari kayong magbigay ng isang **kopya** ng isang kasalukuyan at balidong larawan ng identipikasyon:

- lisensya ng driver o kard ng identipikasyon ng anumang estado
- pasaporte
- kard ng identipikasyon ng empleyado
- kard ng identipikasyon na ibinigay ng isang komersyal na establisyemento
- credit o debit kard
- kard ng identipikasyon ng militar
- kard ng identipikasyon ng estudyante
- kard ng identipikasyon ng kalusugan
- kard ng identipikasyon ng insurance
- kard ng identipikasyon ng pampublikong pabahay

Kung wala kayong larawan ng identipikasyon maaari kayong magbigay ng isang **kopya** ng alinman sa mga sumusunod:

- bayarin sa utilidad
- pahayag ng bangko
- iniisyu ng gobyerno na
  - tseke
  - paycheck
  - dokumento (halimbawa: iniisyu sa opisyal na eleksyon
- kard ng notipikasyon ng botante
- kard ng identipikasyon ng pampublikong pabahay
- pahayag o kasunduan ng upa o renta
- kard ng identipikasyon ng estudyante
- iniisyung pahayag ng matrikula o bayarin
- kard ng plano ng insurance o kard ng diskwento sa gamot
- mga sertipikasyon ng pagpapalaya, mga kapatawaran, o iba pang mga opisyal na dokumento na may kaugnayan sa resolusyon ng isang kriminal na kaso, pagsasakdal, sentensya, o iba pang mga bagay
- mga kard ng diskwento ng awtoridad ng pampublikong transportasyon para sa mga nakatatanda at may kapansanan
- dokumentong may kinalaman sa mga ahensya ng may kapansanan
- dokumentong may kinalaman sa mga matutulugan ng mga walang bahay at iba pang mga pansamantala o transisyonal na pasilidad ng gobyerno
- reseta ng gamot na iniisyu ng isang doktor ng gobyerno o iba pang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ng gobyerno
- pahayag ng buwis ng ari-arian na iniisyu ng isang ahensya ng gobyerno;
- rehistrasyon ng sasakyan
- sertipikasyon ng pagmamay-ari ng sasakyan

Karagdagang impormasyon sa Help America Vote Act Identification Standards

Registrar of Voters
COUNTY OF SAN DIEGO